

2024 Pabatid sa Availability ng VTA Transit-Oriented Communities (TOC) Grant

TALAN NG NILALAMAN

I. IMBITASYON AT PABATID SA AVAILABILITY NG PONDO	1
A. Pangkalahatang Ideya.....	1
B. Paano Inavigate ang NOFA	2
C. Availability ng Pondo.....	2
II. IMPORMASYON SA PROGRAMA NG VTA TRANSIT-ORIENTED COMMUNITIES	4
A. Ano ang Transit-Oriented Communities?	4
B. Pangkalahatang Ideya ng Patakaran ng VTA Transit-Oriented Communities Policy.....	4
C. Mga Tunguhin sa Grant Program ng Transit-Oriented Communities Grant	4
D. Pahayag sa Misyong Pagiging Patas	5
III. IMPORMASYON ELIGIBILITY	6
A. Mga Grant Program Area ng Transit-Oriented Communities	6
B. Mga Aktibidad na Hindi Eligible at Hindi Nagdidiskrima	9
C. Pagiging Eligibleng Aplikante.....	9
IV. ISKEDYUL NG GRANT PROGRAM NG TRANSIT-ORIENTED COMMUNITIES	10
A. Mga Pre-Application Workshop.....	10
B. Karagdagang Impormasyon.....	11

LISTAHAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan 1: Laki ng Grant ng Transit-Oriented Communities at Tuntunin ayon sa Program Area.....	3
Talahanayan 2: Eligibility sa Grant Program na Transit-Oriented Communities.....	9

MGA KASAMANG ATTACHMENT

-
- Kalakip A: Mga Resources sa Aplikasyon ng Grant
 - Kalakip B: Aplikasyon ng Grant
 - Kalakip C: Mga Criteria ng Ebalwasyon

I. IMBITASYON AT PABATID SA AVAILABILITY NG PONDO

Naglulunsad ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) ng Pabatid sa Availability ng Pondo (NOFA) upang anyayahan ang mga kwalipikadong aplikante na magsumite ng mga mungkahi para sa mga programa at aktibidad na magpapalawak pa sa pagpapaunlad ng Transit-Oriented Communities (TOCs) sa Santa Clara County. Sa pamamagitan nitong NOFA, inaanunsyo ng VTA ang oportunidad para sa mga Lokal na Ahensya at mga Organisasyong Pangkomunidad (CBOs), ang mga terminong ito ay inilalarawan ng NOFA, upang mag-apply para sa grant. Ang layunin ng VTA Transit-Oriented Communities Grant Program ay upang i-maximize ang mixed-use at mixed-income equitable communities nanaka palibot sa mga istasyon ng transit ng VTA at transit hubs upang maglaan ng mga lugar para sa mga magkakaibang tao, edad at pinagmulan na makapamuhay upangmakapagtrabaho, matuto, makapamilya at makapaglaro. Ang tunguhin ng grant ay upang palaguin at patibayin ang partnership ng VTA at ibang mga lokal na pampublikong ahensya, mga organisasyong pangkomunidad, at iba pang sari-saring stakeholder upang isulong ang pagpapatupad ng patas na Transit-Oriented Communities at tanggalin ang mga hadlang upang maging ligtas, malalakad, malusog, matatag, at namamayagpag na mga komunidad na katabi ng transit. Naghahanap ng paraan ang VTA na mapondohan ang mga Lokal na Ahensya at mga Organisasyong Pangkomunidad sa bigyan kapangyarihan ang residente upang hubugin ang kinabukasan ng mga komunidad, dagdagan ang mga sumasakay sa transit, paramihin ang oportunidad na panlipunan at pang-ekonomiya para sa lahat, at tugunan ang mga prayoridad na pangrehiyon.

A. Pangkalahatang Ideya

Sa pamamagitan ng grant program na ito, makikipagtulungan ang VTA sa mga Lokal na Ahensya at mga Organisasyong Pangkomunidad upang isulong ang mga tunguhing nakabalangkas sa Patakaran ng Transit-Oriented Communities at sa Seksyon II.B na Pangkalahatang Ideya sa Patakaran ng Transit-Oriented Communities ng VTA. **Ang mga proyekto ay dapat na matatagpuan sa loob ng ½ milya ng isang umiiral o nakaplanong istasyon ng transit ng VTA, transit center, o commuter rail station na siniserbisuhan ng BART, Caltrain, Capitol Corridor, o ACE.** Higit pang detalye sa programa ang matatagpuan sa Seksyon III. Layunin at Eligibility.

Ang Grant Program ng VTA Transit-Oriented Communities Grant Program ay nakapokus sa apat na Program Areas:

- A. Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran
- B. Katatagan ng Komunidad
- C. Edukasyon at Pakikibahagi
- D. Placemaking, mga Sining, at Pakikipagugnayan

Upang matustusan ang NOFA at makapagbigay ng higit pang impormasyon para sa mga aplikante, inilakip ang kasunod na mga dokumento:

- Kalakip A: Mga Resources sa Aplikasyon ng Grant
- Kalakip B: Aplikasyon ng Grant
- Kalakip C: Batayan ng Ebalwasyon

B. Paano Inavigate ang NOFA

Nakabalangkas sa NOFA na ito ang layunin ng mga oportunidad sa grant at ang mga kinakailangan sa aplikasyon. Mangyaring pansin na ang aplikasyon ay isang hiwalay, komplementaryong dokumento. Upang mas mahusay na ma-navigate ang dokumentong ito, tingnan ang nasa ibaba.

1. Ang Notice of Funding Availability na ito ay kinabibilangan ng sumusunod:
 - a. Imbitasyon at Notice of Funding Availability sa (sa seksyong ito)
 - b. Impormasyon sa Programang Transit-Oriented Communities ng VTA, at
 - c. Impormasyon sa Eligibility sa Grant ng Transit-Oriented Communities.

2. Isang kasamang dokumento sa Notice of Funding Availability na ito ang inilalaan sa Kalakip A: Mga Resources sa Aplikasyon ng Grant. Kabilang dito ang sumusunod na mga seksyon:
 - a. Paghahanda sa Aplikasyon
 - b. Tulong sa Aplikasyon
 - c. Pagrepaso ng Aplikasyon at Proseso ng Pagpili
 - d. Mga Kinakailangan ng Napiling Grantee

Ang Lokal na mga Ahensya at Community Based Organizations (CBOs) ay may mga magkakaibang kinakailangan sa pagiging eligibility at inaasahang mga resulta ng proyekto. Gayunman, mangyaring pansinin na lahat ng kinakailangan sa pagiging eligibility at batayan ay inoorganisa ayon sa Program Area ng Transit-Oriented Community at ayon sa uri ng aplikante. Ang mga Program Area ng Transit-Oriented Community ay pinagbubukod-bukod upang magbigay ng deskripsyon sa bawat isa, mga halimbawa ng resulta, at isang listahan ng mga aktibidad na hindi eligibility.

C. Availability ng Pondo

Popondohan ng Grant ang mga proyekto at aktibidad na isinaplanong pasisimulan sa pagitan ng Hulyo 1, 2024 at Hunyo 30, 2025. Ang mga kinakailangan sa eskedyul na para lamang sa programa para sa pagpapatupad at pagkumpleto ng aktibidad ng grant ay tinukoy sa Talahanayan 1.

Mayroong available na kabuuang \$750,000 ang VTA para sa mga eligibility na aplikante na tumutugon sa Notice of Funding Availability na ito. Tanging ang mga aplikante mula sa eligibility eligible na recipients at eligibility mga eligible na aktibidad ang isasaalang-alang para sa pondo. Ang pinagmulan ng pondong ito ay mga pondo ng VTA Joint Developments (mga lokal na pondo).

Ipagkakaloob ang mga grant ayon sa nakikipagkompetensyang basihan. Dahil sa mga limitasyon ng pondo, ipapayoridad ang mga aplikante na malinaw na naglalarawan sa pagpapatupad ng proyekto, at sa mga proyekto na nagpapayoridad ng mga aktibidad na inilarawan sa Kalakip C: Batayan sa Pagsusuri. Ang kabuuang pondo para sa bawat Program Area ay nakatakda na sa maximum na halaga, gaya ng binabanggit sa Talahayanan 1, sa ibaba.

Ang kinakailangan sa pagre-report ay pinagpapasyahan ayon sa laki ng grant at haba ng proyekto. Pagkapili, makakatanggap ang mga aplikante ng mga espesipikong kinakailangan sa pagsunod at pagrereport na susundin sa Grant Agreement.

Talahanayan 1: Laki ng Grant ng Transit-Oriented Communities at mga Tuntunin ayon sa Program Area

Program Area		Inaasahang Bilang ng mga Award	Maximum na Grant kada Aplikasyon	Mga Eligibility na Tuntunin ng Grant
A	Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran	2-3	± \$175,000	1-5 years
B	Katatagan ng Komunidad	2-3	± \$100,000	1-5 years
C	Edukasyon at Pakikibahagi	4-5	± \$27,500	1 year
D	Placemaking/Sining at Pagsasaaktibo	6-8	± \$15,000	1 year

II. IMPORMASYON SA PROGRAMA NG VTA TRANSIT-ORIENTED COMMUNITIES

A. Ano ang Transit-Oriented Communities?

Binibigyang-kahulugan ng VTA ang Transit-Oriented Communities (TOCs) bilang mixed-use, mixed-income eligible at mga nakakasustining komunidad sa palibot ng mga istasyon ng transit at mga transit center upang makapagbigay ng mga lugar para sa mga taong iba't iba ang edad at pinagmulan upang mabuhay, makapagtrabaho, makapamilya, at makapaglaro at mayroon ng lahat ng kinakailangan sa pang-araw-araw na buhay na malapit at nalalakadna, nadadaan ng bisikleta, o nababyahe ng transit. Ang Transit-Oriented Communities ay may potensyal na padamihin ang mga sumasakay sa transit, mabawasan ang mga epekto mula sa paglago sa hinaharap, at magpahusay ang mga kasalukuyang komunidad sa pamamagitan ng paghusay na access sa trabaho, pabahay, libangan, edukasyon, kultura, at mga serbisyo. Nag-aalok ang Transit-Oriented Communities ng mga benepisyong pangkapaligiran sa pamamagitan ng pagpapababa ng greenhouse gas na resulta ng mas napapanatiling mga pattern ng paglalakbay (sa pamamagitan ng paggamit ng transit at aktibong mga paraan ng transportasyon), pagpapabuti ng mga resultang pangkalusugan at pangkaligtasan, patibayin ang mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapaligirang na sumusuporta sa maliliit at lokal na negosyo, na gumagamit mga istratohiyang upang isama ang lokal na sining at kultura sa itinayong kapaligiran, at pangasiwaan ang mga kaganapan sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong espasyo.

Ang Transit-Oriented Communities Program ay bahagi ng isang estratehikong pagpapalano kasama ng iba pang kasalukuyang mga plano, programa, at proyekto ng VTA na binuo para sa iisang layunin: na gawing ang Silicon Valley na sustainable, matatag, malusog, patas, at maunlad na lugar, para maayos and tirhan, mapagtrabahuhan, matututo, at maglaro.

B. Pangkalahatang Ideya ng Patakaran ng Transit-Oriented Communities ng VTA

Binabalangkas ng Patakaran sa Transit-Oriented Communities ng VTA¹ kung paano ipinapatupad ng VTA ang mga programa nitong Transit-Oriented Community at Transit-Oriented Development (TOD) sa pagpapasulong ng misyon nito. Tinutugunan ng Patakaran kung paano ipagpapatuloy ng VTA ang pagbuo ng mixed-use at mixed-income na patas at sustainable na Transit-Oriented Communities sa itinalagang ari-arian na pag-aari ng VTA at sa mga nakapalibot na komunidad sa pakikipagtulungan sa mga Lokal na Ahensya at kanilang mga stakeholder sa pamamagitan ng pampubliko-pribado at pampubliko-pampublikong partnership. Isinusulong din ng Patakaran ang mga layunin sa rehiyon kabilang ang Patakaran sa Transit-Oriented Communities ng Metropolitan Transportation Commission (MTC)².

C. Mga Layunin ng Grant ng Transit-Oriented Communities

¹ Binabalangkas ng Patakaran sa Transit-Oriented Communities ng VTA naka-link dito: <https://www.vta.org/sites/default/files/2024-02/VTA-Transit-Oriented-Communities-Policy.pdf>

² Patakaran sa Transit-Oriented Communities ng MTC naka-link dito: <https://mtc.ca.gov/planning/land-use/transit-oriented-communities-toc-policy>

Ang Grant Program ng Transit-Oriented Communities ng VTA ay sumusulong sa pagpapatupad ng Mga Layunin ng Patakaran ng VTA sa pamamagitan ng mga layuning partikular sa Grant Program, na nakalista sa ibaba.

- Suportahan ang mga lokal na ahensya sa pagde-develop ng mga plano at patakaran na nagpapasulong sa pag-develop ng Transit-Oriented Communities sa Santa Clara County, kabilang ngunit hindi limitado sa pagpapabuti ng pagkakaayon sa VTA Transit-Oriented Communities Policy at MTC Transit-Oriented Communities Policy.
- Suportahan ang mga pagsisikap at aktibidad na pagdami ng sumasakay sa transit, at paggamit ng mga aktibong paraan ng transportasyon para sa mga biyahe sa pag-commute at non-commute.
- Support community-based organizations in pursuing projects that address the need for affordable housing in Santa Clara Suportahan ang mga organisasyong nakabatay sa komunidad sa pagtataguyod ng mga proyektong tumutugon sa pangangailangan para sa abot-kayang pabahay sa Santa Clara County.
- Suportahan ang mga aktibidad na magbibigay ng kapangyarihan sa mga lokal na komunidad na isulong ang mga patakaran at plano na ang magiging resulta ay ang pagpapatupad ng Transit-Oriented Communities.
- Suportahan ang mga pagsisikap at aktibidad na nagpapatibay sa kultura at pagkakakilanlan ng komunidad sa pamamagitan ng placemaking, sining, at pag-activate ng mga pampublikong espasyo.
- Isulong ang patas na Transit-Oriented Communities at anti-displacement (tingnan ang equity mission statement sa ibaba).

D. Pahayag sa Misyong Pagiging Patas

Ang Transit-Oriented Communities Program ng VTA ay nakatuon sa pagpapasulong ng patas na transit-oriented communities kung saan makikinabang ang lahat ng miyembro ng komunidad - anuman ang kanilang kita, background o pagkakakilanlan - at naglalayong pondohan ang iba't ibang mga kapartner sa grantee na nakikibahagi sa pamamaraang ito. Pinasisigla ng VTA ang mga aplikante ng grant na nagtatrabaho o kumakatawan sa mga komunidad na dati nang napag-iwanan sa mga tradisyonal na proseso ng pagpapalano. Sa kasaysayan, sa buong bansa, ang mga proyektong pang-imprastruktura, tulad ng transportasyon at transit, at mga pagpapaunlad ng pabahay, ay may negatibong epekto sa mga komunidad na iba ang kulay ng balat, mababang kita, at sistematikong ginagawang disbintaha ang mga komunidad. Dagdag pa, nauunawaan ng VTA na ang halagang nalikom ng mga pamumuhunan sa transit at pagpapaunlad ng pabahay na katabi ng transit, ay maaaring magpataas ng pabahay at iba pang mga gastos sa pamamagitan ng pagtaas ng demand sa merkado, at magpapabilis ng pagpapaalis ng mga maaapektohang komunidad.

Upang matiyak na ang kalidad ng pamumuhay ng mga komunidad na nakatuon sa transit ay maipamahagi sa lahat, sinisikap ng VTA na pagaanin ang mga epekto ng makasaysayang pagbubukod at ang paglilipat ng mga komunidad sa pamamagitan ng magkakaugnay at komprehensibong mga stratehiya, sa pakikipagtulungan sa mga apektadong komunidad, lokal na ahensya, at mga stakeholder. Ang VTA ay nakatuon sa pabahay na abot-kaya sa lahat ng antas ng kita at laki ng pamilya, at pinapadali ang mas malaking oportunidad na panlipunan at pang-ekonomiya para sa lahat ng kasalukuyang residente at sa hinaharap sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga negosyong nagbibigay ng serbisyo sa komunidad, sa lokal na sining at kultura, sa mga trabahong may mataas ang suweldo, sa mga paaralan, open space, mga serbisyong pangkomunidad, at pinahusay na pagpipilian sa kadaliang kumilos sa tabi ng mga istasyon ng transit at mga sentro ng transit. Kami ay nangangako sa mga pantay na proseso na

may kaugnayan sa kultura at makabuluhang nakikipag-ugnayan sa mga apektadong komunidad, kabilang ang mga hindi kasama sa kasaysayan, sa simula ng mga proyekto at sa kabuuan, upang maghatid ng mga proyektong nagbibigay-kapangyarihan sa mga komunidad na makamit ang katatagan, at bigyan ang ligtas, madaling lakarin, malusog at maunlad na mga kapitbahayan sa tabi ng transit.

Ang pamamaraan ng Transit-Oriented Communities ng VTA sa pagiging patas ay sinamahan ng Metropolitan Transportation Commission (MTC) Equity Priority Communities Framework na tumitiyak na ang pagpapalano, pamumuhunan ng mga pondo at pakikipag-ugnayan sa komunidad ay nakadirekta sa mga proyektong nagsusulong ng pantay na pag-access sa transportasyon, pabahay at mga serbisyo. Higit pang impormasyon ang matatagpuan dito: <https://mtc.ca.gov/planning/transportation/access-equity-mobility/equity-priority-communities>.

III. **IMPORMASYON ELIGIBILITY**

Tinutukoy ng seksyong ito ang pamantayan sa pagiging eligible para sa mga aplikante at ipinakilala ang mga Program Area ng Transit-Oriented Community at ang mga uri ng aktibidad na eligible para sa pagpopondo ng grant.

A. Mga Program Area ng Transit-Oriented Communities

Pinopondohan ng Transit-Oriented Communities Grant ng VTA ang mga aktibidad na nagsusulong sa bision ng patas at sustainable na Transit-Oriented Communities sa palibot ng mga istasyon ng transit at mga transit center sa Santa Clara County. Ang pagpopondo ng grant ay magagamit para sa mga lokal na non-profit, mga komunidad, at Lokal na Ahensya para sa mga pagsisikap na nagsusulong sa isa sa mga sumusunod na Program Area ng Transit-Oriented Community. **Ang mga proyekto ay dapat na matatagpuan sa loob ng ½ milya ng isang umiiral o nakaplanong istasyon ng transit ng VTA, transit center, o commuter rail station na siniserbisuhan ng BART, Caltrain, Capitol Corridor, o ACE. Maaari lamang mag-apply ang mga aplikante para sa isang Program Area.**

Ang Programa A at Programa B ay inaasahang magkakaroon ng mahabang mga panahon ng implementasyon na isa hanggang limang taon, hal., mga plano sa lugar ng istasyon at pagpapanatili ng abot-kayang pabahay.

Programang A: Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran

Ang Program Area ay nilayon na tulungan ang mga Lokal na Ahensya na maghanda at gumamit ng mga pangmatagalang plano, mga patakaran, pamantayan, at kodigo upang pataasin ang bahagi ng paglago sa hinaharap ng Santa Clara County nang pantay-pantay at nagpapatuloy sa loob ng kalahating milya ng mga istasyon ng transit at koridor, at itaguyod ang pagkakaayon sa mga patakaran sa Transit-Oriented Communities ng VTA at MTC. Ang mga pondong ito ay pwedeng pandagdag sa pagtutugma ng grant.

Mga Halimbawang Aktibidad na Eligible:

- Gumawa o isulong ang mga plano sa area ng istasyon.

- Mga plano at patakaran na nagsusulong at nagpapadali sa pagpapatupad ng mixed-use, mixed-income na mga pagpapaunlad na inklusibo sa Transit-Oriented Development Sites na pag-aari ng VTA³.
- Pagpapalano sa pag-access, pagsusuri ng agwat sa pag-access, at pagpapalano ng aktibong transportasyon para sa isang lugar ng istasyon.
- Una/huling milyang mga pag-aaral, patas na pagpapaunlad sa paggamit ng lupain mga pagpapatupad ng plano.
- Value capture na mga pag-aaral, pagde-develop ng mga policy ng abot-kayang pabahay at/o mga inisyatibo, mga plano sa pamunuan ng pangangailangan ng transportasyon (TDM), pag-analisa sa equity.
- Teknikal na tulong at pagsasanay para sa kawani ng ahensya upang isulong ang pagkakaayon sa Transit-Oriented Communities Policy ng MTC.

Programa B. Katatagan ng Komunidad

Ang Program Area ay nilayon na suportahan ang mga Organisasyong Pangkomunidad sa pagpapataas ng katatagan ng mga komunidad na nakapaligid sa transit upang sumulong at gumanap ng mas malaking papel sa pagpapatupad ng balanse, patas na Transit-Oriented Communities, tulad ng kapasidad ng gusali ng mga umuusbong na mga katuwang sa pagpapaunlad ng komunidad upang isulong ang abot-kayang pabahay.

Mga Halimbawang Aktibidad na Eligible:

- Suportahan at pagpapasulong ng mga pagsisikap para sa anti-displacement kabilang na ang pagtukoy at pagpapanatili ng likas na nangyayaring abot-kayang pabahay, pagsasanay upang pataasin ang kapasidad upang makakuha, makapagpanauli o makapagpreserba ng abot-kayang pabahay, at pilot project ng pagpapanatili ng pabahay.
- Suporta sa pagpapanatili ng maliit na negosyo at komersyo.
- Pakikibahagi ng teknikal na suporta mula sa mga eksperto sa pagpapalano at pagpapaunlad; mga pagsasanay sa espesipikong mga paksa sa Transit-Oriented Communities policy.
- Mga proyekto na nagpapasigla at nagpapabilis sa paggamit ng transit at iba pang aktibong paraan ng transportasyon ng mga indibidwal na may limitadong kita (hal., katumbas ng o wala pang 60% Average Median Income para sa Santa Clara County).

Ang mga Programa C at D ay inaasahang magkakaroon ng mas maikling timeline ng pagpapatupad na wala pang isang taon, at isinasagawa sa mas maliit na antas, hal., pagbibigay ng pangangalagang pambata sa mga engagement events at paglikha ng sining ng publiko.

Programa C. Edukasyon at Pakikibahagi

Ang Programang ito ay nilayon upang pataasin ang pamumuno ng Transit-Oriented Communities at pantay na pakikibahagi sa pamamagitan ng paglalaan ng naa-access na impormasyon at mga resources na nagbibigay-kapangyarihan sa mga miyembro ng komunidad upang aktibong makilahok sa paghubog ng Transit-Oriented Communities na patas at konektado. Ang Program Area ng ito ay nilayon na tulungan ang kasalukuyang

³ Listahan ng mga site na Transit-Oriented Development ng VTA matatagpuan dito: <https://www.vta.org/programs/toc/transit-oriented-development/projects-portfolio>

mga programang pampublikong pakikibahagi na magdagdag ng mga pagkukusa na magpapalakas sa equity.

Mga Halimbawang Aktibidad na Eligible:

- Mga kampanya ng adbokasiya, pakikibahagi ng komunidd at edukasyong nilayon upang patibayin ang suporta sa komunidad para sa sumusuportang mga policy at mga pamumuhunan ng Transit-Oriented Communities.
- Mga pagkukusa sa pagiging patas para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, tulad ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon, pagbuo ng kapasidad na nakabatay sa komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng Promotores(as), pagkain at pangangalaga ng bata sa mga pagpupulong ng komunidad, mga workshop para sa kahandaan sa aplikasyon para sa pabahay at may-ari ng bahay; at walk audit sa komunidad.

Programa D. Placemaking, Sining, at Pagsasaaktibo

Ang Program Area ay nilayon na pahasayin ang pagsakay sa transit at pangkalahatang karanasan ng komunidad sa pamamagitan ng makulay at nakakaakit na mga pampublikong espasyo na gumagamit ng sining at pangkulturang kapahayagan o pagpapaganda ng komunidad. Ang layunin ay pasiglahin ang damdaming komunidad, magpasigla ng pakikipag-ugnayan, at isulong at palakasin ang lokal na kultura, kasaysayan o halaga, at iposisyon ang mga istasyon ng transit at transit hub bilang ligtas, naa-access, at kaakit-akit na mga pangkulturang destinasyon. Ang mga proyekto ay magreresulta sa pagpapabuti ng access sa loob at paligid ng mga istasyon ng transit na ang pokus ay maginhawahan at magandang karanasan ng pedestriyan upang mapahusay ang kapaligiran ng pasahero ng transit.

Mga Halimbawang Aktibidad na Eligible:

- Mga proyektong sining at kulturang nakabatay sa lugar sa loob ng pampublikong lugar na nagpapahusay sa lugar ng istasyon at pagkakakilanlan ng komunidad, tulad ng mga mural at pampublikong sining sa kahabaan ng mga pader ng gusali na nakaharap sa mga kalye o bangketa na katabi sa mga istasyon ng transit, mga transit center o hintuan ng bus.
- Pang-uniberso at inklusibong pagkakadisenyo ng paghahanap ng daan tulad ng madali, naa-access, mga singage, makulay na mga karatula na nababagay sa mga residente na may iba't ibang edad, kakahayan, at wika.
- Pag-hire ng mga guwardiya sa tawiran, paglilinis ng parke/landas, pagtatanggal ng graffiti.
- Mga amenities sa pampublikong lugar tulad ng mga upuan sa parke at paglalagay ng mga lilim.
- Mga event na istilong piyesta tulad ng pansamantala o pop-up na mga piyesta sa kalye, mga performance event, mga gallery ng sining sa kalye at maliliit na parke

Pansinin: Para sa pagkakabit ng sining sa ilalim ng Programa D. Placemaking, Sining at Pagsasaaktibo, dapat munang makatugon ang proyekto sa kinakailangang pangheyograpiya bago humanap ng lugar sa loob ng abot-tanaw sa istasyon ng VTA, transit center, istasyon ng tren ng commuter, o hintuan ng bus.

B. Mga Aktibidad na Hindi Eligible at Hindi Nagdidiskrima

Ang Transit-Oriented Communities Grant ng VTA ay nilayon upang suportahan ang pagpapalano, pakikibahagi, at mga pagsisikap sa paggawa ng programa na nagsusulong ng Transit-Oriented Communities sa Santa Clara County. Mga aktibidad ng konstruksyon tulad ng pagtatayo ng imprastruktura at gusali na hindi kwalipikado sa pagpopondo ng Transit-Oriented Communities ng VTA.

Hindi maaaring gamitin ng mga aplikante ang mga pondo sa pagpigil ng labag sa batas na diskriminasyon, panliligalig, o payagan ang panliligalig laban sa sinumang tao dahil sa lahi, relihiyon, kulay, sekso, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, bansang pinagmulan, ninuno, pisikal na kapansanan (kabilang ang HIV at AIDS), kapansanan sa pag-iisip, kondisyong medikal (kabilang ang cancer), genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, edad (mahigit 40), sekswal na oryentasyon, o katayuang militar at beterano, o magsulong ng relihiyon o mga aktibidad sa relihiyon.

C. Pagiging Eligibleng Aplikante

Ang mga aplikasyon na nakumpleto at naisumite sa takdang petsa ay tatanggapin mula sa mga aplikante na nakakatugon sa sumusunod na kundisyon. Mangyaring pansinin na nag-iiba-iba ang pagiging eligible depende sa Program Area ng Transit-Oriented Community kung saano itinataguyod ang aplikasyon.

Mapapansin sa **Talahanayan 2** sa ibaba ang mga kinakailangan sa pagiging eligible para sa bawat Transit-Oriented Community.

Talahanayan 2: Pagiging Eligible sa Grant Program ng Transit-Oriented Communities

Program Area A: Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran	Program Area B: Katatagan ng Komunidad	Program Area C: Edukasyon at Pakikibahagi	Program Area D: Placemaking, Sining at Pagsasaaktibo
Isang pampublikong ahensya na may awtoridad sa paggamit ng lupa o mga aktibidad sa pagpapalano, na matatagpuan sa loob ng Santa Clara County.	Organisasyon na may 501(c)(3) may katayuang nonprofit o isang iniisponsorang proyekto ng 501(c)(3) isponsor ng piskalya na matatagpuan o may prinsipal na lugar ng negosyo sa loob ng Santa Clara County.* AT Dapat na may hindi bababa sa isang taong kasaysayan ng pagbibigay ng serbisyo sa komunidad sa loob ng Santa Clara County, o kapartner ng CBO.	Nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging eligible para sa alinman sa Program Area A o Program Area B.	Nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging eligible para sa alinman sa Program Area A o Program Area B.

* Eksepsyon: Isang grupo na hindi nagpapanatili ng sentrong lugar ng negosyo ay maaaring maging kwalipikado kung sila ay nag-aalok ng karamihan ng kanilang programming sa loob ng Santa Clara County.

IV. ISKEDYUL NG GRANT PROGRAM NG TRANSIT-ORIENTED COMMUNITIES

Makikita sa ibaba ang panimulang iskedyul ng inaasahang mga petsa para sa mga pangunahing aktibidad at mahalagang kaganapan sa proseso ng Transit-Oriented Communities Grant, at nilalayong magbigay ng tinatayang timeline para sa mga aplikante. Dapat sumangguni ang mga aplikante sa eskedyul na naka-post sa webpage ng vta.org/TOCgrant webpage.

Paglabas ng Notice of Funding Availability (NOFA)	Abril 1, 2024
<i>Mga Pre-Application Workshop</i>	<i>Kalagitnaan ng Abril hangang Maaga ng Mayo 2024</i>
<i>Deadline ng Pagsusumite ng mga Tanong</i>	<i>Mayo 8, 2024</i>
Deadline para sa mga Aplikasyon	Mayo 22, 2024
<i>Mga Rekomendasyon sa Paglalahathala ng Award</i>	<i>Hunyo 10, 2024</i>
<i>Deadline ng Pagsusumite ng Apela</i>	<i>Maaga ng Hunyo 2024</i>
Pabatid ng mga Award	Pagtatapos ng Hunyo 2024

A. Mga Pre-Application Workshop

Magho-host ang VTA ng mga Pre-Application Workshop upang tulungang makapagbigay ng anumang paglilinaw at sagot sa mga tanong tungkol sa Transit-Oriented Grant Program ng VTA. Isasagawa ang mga Pre-Application Workshop kapwa sa in-person at virtual na mga dumadalo. Hihilingan ang mga aplikante na dumalo sa isang Pre-Application Workshop ngunit welcome na daluhan ang higit pa sa isa kung gusto nila. Kailangan ang pagpaparehistro para sa lahat ng event. Mangyaring bumisita sa vta.org/TOCgrant upang magparehistro at humanap ng higit pang detalye ng event. Magiging available online ang mga recording ng virtual na mga Pre-Application Workshop sa YouTube channel ng VTA: <https://www.youtube.com/SCVTA>.

In-Person na mga Pre-Application Workshop:

- **Miyerkules, Abril 17, 2024**
 - Oras: 11:30 a.m. – 12:30 p.m. PST
 - Lokasyon:
 - Customer Service Center ng VTA
 - 2 North Market Street
 - San Jose, CA 95113
- **Martes, Abril 30, 2024**
 - Oras: 1:30 p.m. – 2:30 p.m. PST
 - Lokasyon:
 - Gilroy Library
 - 350 W. Sixth Street
 - Gilroy, CA 95020

Virtual na mga Pre-Application Workshop:

- **Huwebes, Abril 25, 2024**
 - Oras: 11:30 p.m. – 12:30 p.m. PST
 - Lokasyon: Online na Zoom meeting
zoom.us/join
Webinar ID: 823 2106 8646
Passcode: 486619
1-669-900-9128
- **Miyerkules, Mayo 1, 2024**
 - Oras: 1:00 p.m. – 2:00 p.m. PST
 - Lokasyon: Online na Zoom meeting
zoom.us/join
Webinar ID: 822 4698 7924
Passcode: 802206
1-669-900-9128

B. Karagdagang Impormasyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Transit-Oriented Communities ng VTA na pangyayari hanggan sa araw na ito at sa Transit-Oriented Communities Policy ng VTA, bisitahin ang website ng Transit-Oriented Community ng VTA sa <https://www.vta.org/transitorientedcommunities>.

Para sa mga tanong tungkol sa Transit-Oriented Community Program ng VTA, mangyaring mag-email sa TOCGrant@vta.org.

Para sa mga serbisyong pagsasalin ng wika at iba pang mga accommodation, mangyaring makipag-ugnayan sa VTA Community Outreach sa (408) 321-7575/TTY (408) 321-2330 o mag-email sa community.outreach@vta.org.

Attachment A:

Mga Mapagkukunan ng Aplikante para sa Transit-Oriented Communities (TOC) Grant 2024 ng VTA

TALAAAN NG NILALAMAN

I.	PANGKALAHATANG IDEYA NG DOKUMENTONG MAPAGKUKUNAN SA APLIKASYON	1
II.	PAGHAHANDA SA APLIKASYON	1
A.	Mga Bahagi ng Aplikasyon.....	1
B.	Administratibo at mga Aplikante ng Karaniwang impormasyon ng Transit-Oriented Community	1
C.	Salaysay ng Program	3
D.	Local Match	5
III.	TULONG SA APLIKASYON.....	6
IV.	REPASO NG APLIKASYON AT PROSESO NG PAGPILI.....	6
A.	Pagsasala ng Eligibility at Pagiging Kumpleto.....	6
B.	Evaluation Panel at Pagpili ng Proyekto	6
C.	Pabatid ng Napili at Agreement sa Grant	7
D.	Mga Apela.....	7
V.	MGA KINAKAILANGAN NG NAPILING GRANTEE	7
A.	Tuloy-tuloy na Suportang Teknikal	7
B.	Pakikilahok at Pagrereport ng Grantee Cohort.....	7
C.	Mga Pampublikong Materyal ng Kalikasan ng Aplikasyon.....	8
D.	Pagsunod sa Iba mga Panregulatoryong Ahensya	8
E.	Mga Kinakailangan sa Buwis ng Negosyo.....	8
F.	Mga Kinakailangan sa Insurance	9
G.	Indemnity (panagot) at Defense of Claims	9
H.	Pagkilala sa Suporta ng VTA	10
I.	Batas sa Copyright	10
J.	Compliance with the Child Abuse and Neglect Reporting Act and Employee/Volunteer Clearance Verification	10
VI.	ISKEDYUL NG GRANT PROGRAM NG RANSIT-ORIENTED COMMUNITIES.....	11
A.	Mga Pre-Application Workshop.....	11
B.	Karagdagang Impormasyon.....	12

TALAN NG MGA TALAHANAYAN

TALAHANAYAN 1: Transit-Oriented Communities Grant Desired Outcomes 4

ATTACHMENTS

Attachment B: Mga Aplikasyon sa Grant

Attachment C: Pamantayan sa Pagsusuri

I. PANGKALAHATANG IDEYA NG DOKUMENTONG MAPAGKUKUNAN SA APLIKASYON

Ang dokumentong ito ay nilayon na maging kasama sa 2024 Notice of Funding Availability (NOFA) para sa Grant Program ng Transit-Oriented Communities ng VTA. Bago magpatuloy sa dokumentong ito, dapat suriin ng mga mambabasa ang NOFA, na nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng Patakaran sa Transit-Oriented Communities ng VTA, mga layunin ng Grant Program, eligibility, at mga paglalarawan ng iba't ibang lugar ng programa ng grant.

II. PAGHAHANDA SA APLIKASYON

A. Mga Bahagi ng Aplikasyon

Ang mga Aplikasyon ng Grant Program ng Transit-Oriented Communities ay susuriin sa mga sumusunod na bahagi ng aplikasyon, na tinukoy sa ibaba.

- Administratibo
 - Organisasyon ng Proyekto
 - Pahayag ng mga Pakikipagpartner
- Mga Elemento ng Transit-Oriented Community
 - Equity
 - Transit
 - Heograpiya
- Programa
 - Deskripsyon ng Proyekto
 - Project Outcomes and Explanations
- Local Match¹
 - Match Statement as applicable

¹Kinakailangan ang minimum match para sa mga aplikante ng Lokal na Ahensya: 10% para sa mga proyektong hanggang \$120,000 at 15% para sa mga proyektong humihiling ng higit sa \$120,000.

Higit pang impormasyon tungkol sa mga bahagi ng aplikasyon ang matatagpuan sa ibaba at sa VTA Transit-Oriented Communities Grant Application, sa Attachment B. Ang mga paglalarawan ng pamantayan na gagamitin upang suriin ang mga Grant Application ay makikita sa Attachment C.

B. Administratibo at mga Aplikante ng Karaniwang impormasyon ng Transit-Oriented Community

Organisasyon ng Proyekto

Magbibigay ang mga aplikante ng karaniwang impormasyon kabilang na ang contact at mga detalye ng organisasyon.

Ang grant na ito ay naglalayong ibigay ang pagpopondo na award sa mga maipapatupad na proyekto sa ninanais na mga resulta na higit na pagpapatupad ng Transit-Oriented Communities. Upang ipakita ang planong pagpapatupad, dapat magsumite ang mga aplikante ng Staffing Plan, isang Iskedyul sa Milestones, at isang Badyet. Kasama sa

aplikasyon ang mga text box para sa mga aplikante na tumugon, at ang mga karagdagang materyales ay maaaring isumite bilang mga nakalakip na PDF. Ang mga template ay ibibigay para Staffing Plan, isang Iskedyul sa Milestones, at ang Badyet ng Proyekto.

- Ang *Staffing Plan* ay dapat may kasamang paglalarawan ng mga responsibilidad para sa mga tauhan na kasama sa pagpapatupad ng proyekto. Kabilang dito ang mga paglalarawan ng kasalukuyang mga tungkulin ng mga miyembro ng kawani at pamumuno at ipakita na ang mga kawani ay may sapat na oras upang ilaan sa pagsisikap na ito, o ang kahilingan sa pagpopondo ay dapat gamitin sa pagkuha o paglilipat ng mga kawani sa mga posisyong iyon.
- Ang *Iskedyul ng mga Milestone* ay dapat magbalangkas kung paano pinaplano ng aplikante na gastusin ang pondo ng grant upang makamit ang ilang mga milestone. Pagkatapos maibigay ang mga grant, ang Iskedyul ng Mga Milestone ay magsisilbi rin upang subaybayan ang pag-usad sa buong proyekto.
- Dapat isama ang *Badyet ng Proyekto* ang mga gastos sa pangangasiwa at iba pang pangunahing gastos na kinakailangan para sa pagpapatupad ng proyekto. Dapat tandaan ng mga aplikante kung kailangan ng proyekto ang lahat ng pondo ng grant ng maaga o paunti-unti ibibigay.

Mga Pakikipagpartner

Ang mga aplikante ay dapat, kung naaangkop, tumukoy ng hindi bababa sa isang kasosyo para sa pagpapatupad ng iminungkahing proyekto at ilarawan ang papel ng bawat kapartner sa panahon ng proyekto. Hinihikayat ang mga aplikante na magbigay ng dokumentasyon ng mga pakikipagpartner, tulad ng isang liham ng suporta o liham ng intensyong suportahan ang proseso at pagpapatupad ng proyekto.

Ang mga aplikanteng naghahangad na makisali sa mga aktibidad na isinasagawa sa pribado o pampublikong lupa/ari-arian, partikular na nauugnay sa Program Area D: Placemaking, Arts, at Activation, ay kinakailangang magsumite ng pahintulot mula sa may-ari ng ari-arian (o pampublikong ahensya para sa pampublikong right-of-way) o magbigay ng patunay ng pangako mula sa may-ari ng ari-arian o pampublikong ahensya para sa pagpapatupad ng proyekto.

Equity

Ang Equity ay dapat isaalang-alang sa pagbuo ng Transit-Oriented Communities, kapwa sa proseso ng pagpapatupad at bilang resulta ng proyekto. Dapat kasama sa mga aplikasyon ang:

- Ang deskripsyon ng kung paano partikular na makikinabang sa iminungkahing proyekto ang mga marginalized (itinuturing na hindi mahalaga), vulnerable (mahihina) at/o kulang sa representasyon na mga grupo sa komunidad, gaya ng mga Equity Priority Communities.
- Ang deskripsyon sa kung anong pagkakaiba-iba ang tutulungan ng iminungkahing proyekto na bawasan o alisin.
- Deskripsyon ng kung paanong ang proseso ng pagkakapantay-pantay ay isasama sa pagpapatupad ng grant.

- Paglalarawan kung paano magkakaroon ng patas na resulta ang proyekto na naaayon sa Equity Mission Statement ng grant (Tingnan ang Seksyon II.D. Equity Mission Statement sa dokumento ng Notice of Funding Availability).

Transit

Dapat ipakita ng mga aplikante kung paano susuportahan ng iminungkahing proyekto ang pagsakay sa transit at isulong ang mga aktibong opsyon sa transportasyon sa mga site ng VTA Station, samakatuwid ay binabawasan ang mga personal na biyahe sa sasakyan.

Heograpiya

Dapat tukuyin ng mga aplikasyon ang pinakamalapit na naisaplano o kasalukuyang VTA Light Rail, transit center, o mga istasyon ng Commuter Rail na siniserbisyuhan ng BART, Caltrain, ACE o Capitol Corridor sa proyekto at sabihin ang distansya sa istasyon o transit center na iyon. Maaaring i-verify ng mga aplikante ang pagiging kwalipikado sa lokasyon ng proyekto sa pamamagitan ng pagbisita sa interactive na mapa sa webpage na vta.org/TOCgrant ng VTA Transit-Oriented Communities Grant, na naka-link din [dito](#).

For Para sa mga pag-install ng sining sa ilalim ng Program D. Placemaking, Arts at Activation, dapat munang matugunan ng mga proyekto ang kinakailangan sa heograpiya bago hanapin sa abot-tanaw mula sa istasyon ng VTA, transit center, commuter rail station, o bus stop.

C. Salaysay ng Program

Magbibigay ang aplikasyon ng dalawang narrative prompt para ilarawan ang proyekto. Maaari lamang mag-apply mga aplikante para sa isang Program Area, ngunit ang salaysay ay maaaring mag-refer sa mga aktibidad na nauugnay sa iba pang Program Area. Halimbawa, ang isang lokal na ahensya ay maaaring mag-apply para sa isang grant na nakapokus sa pagsulong ng plano sa lugar ng istasyon sa pamamagitan ng Program A: Planning and Policy Implementation. Maaaring kabilang sa aktibidad na ito ang mga pagsisikap sa pampublikong pakikipag-ugnayan ngunit hindi magiging karapat-dapat para sa pagpopondo sa ilalim ng Program C: Education and Engagement.

Deskripsyon ng Proyekto

Dapat isama ng mga aplikante ang:

- Ang paglalarawan ng proyekto at ang mga koneksyon nito sa Mga Layunin ng Grant para sa Transit-Oriented Communities at sa Equity Mission Statement na makikita sa Notice of Funding Availability Document (Mga Seksyong Section II.C. Transit-Oriented Communities Grant Program Goals at Section II.D. Equity Mission Statement, ayon sa pagkakabanggit).
- Pagkilala sa komunidad na pinaplano ng proyekto naserserbisyuhan, at kasalukuyang relasyon o pakikipag-ugnayan sa komunidad hanggang sa kasalukuyan.

Mga Resulta ng Proyekto

- Dapat gamitin ng mga aplikante ang Talahanayan 1, sa ibaba, upang pumili ng hindi bababa sa isang naaangkop na inaasahang resulta ng kanilang proyekto para sa bawat isa sa mga seksyon ng Equity, Transit, at Heograpiya, pati na rin ang kanilang Program

Area. Maaari ding isama ng mga aplikante ang mga karagdagang inaasahang resulta para sa Equity, Transit, at Geography at ang kanilang Program Area kung hindi ito nakalista sa talahanayan.

- Dapat magbigay ang mga aplikante ng paliwanag para sa bawat isa sa mga napiling resulta.
 - Dapat na umaayon ng paliwanag para sa bawat napiling resulta sa pagsusulong ng pananaw para sa Transit-Oriented Communities at magbigay ng konteksto sa Evaluation Panel kung paano isinusulong ng proyekto ang VTA Transit-Oriented Communities Grant Goals

Tandaan: Ang mga aplikante ay bibigyan lamang ng iskor sa mga piling resulta mula sa Equity, Transit, Heograpiya, at sa kanilang Program Area.

Talahanayan 1: Ninanais na mga Resulta sa Grant ng Transit-Oriented Communities

Kategorya	Hinahangad na mga Resulta ng Transit-Oriented Communities
Equity	<ul style="list-style-type: none"> • Tinutugunan ng proyekto ang isang partikular na hamon at direktang gumagawa ng equitable na (mga) resulta para sa isang partikular na populasyon o komunidad.
Transit	<ul style="list-style-type: none"> • Nag-aambag ang proyekto sa pagbawas ng mga sariling pagbyahe ng sasakyan. • Inaakay ng proyekto ang interes ng mga naglalakad at daloy papunta sa transit. • Pinahuhusay ng proyekto ang pananaw sa transit.
Heograpiya	<ul style="list-style-type: none"> • Nagdadagdag ang proyekto sa mga aktibidad sa Transit-Oriented Community sa loob ng distansya na kalahating milya ng kasalukuyang mga light/commuter rail station at mga VTA transit center.
Planning and Policy Implementation	<ul style="list-style-type: none"> • Tinatarget ng proyekto ang pagkakaayon sa MTC Transit-Oriented Communities Policy at sa mga Tunguhin ng Grant Program ng VTA Transit-Oriented Communities. • Sinusuportahan ng proyekto ang placemaking at buhay. • Nakikinabang sa proyekto ang mga Site na pag-aari ng VTA na Transit Oriented Development¹ sa pamamagitan ng zoning at mga pagbabago sa patakaran.

Community Resilience	<ul style="list-style-type: none"> • Project contributes to protection, preservation, or production of affordable housing. • Project raises profile of CBO as a community development stakeholder. • Project increases CBO’s capacity for preservation of affordable housing. • Project increases CBO’s ability to mitigate displacement. • Nag-aambag ang proyekto sa pagprotekta, pagpapanatili, paglalaan ng abot-kayang pabahay. • Itinataas ng proyekto ang profile ng CBO bilang stakeholder ng community development. • Dinadagdagan ng proyekto ang kapasidad ng CBO para sa pagpapanatili ng abot-kayang pabahay. • Dinadagdagan ng proyekto ang kakayahan ng CBO na iwasan ang displacement (pagpapaalis sa lugar). • Binabawasan ng proyekto ang pangkalahatang pasaning gastos sa transportasyon o pabahay para sa mga may limitadong kita.
Education and Engagement	<ul style="list-style-type: none"> • Binibigyang kapangyarihan ng proyekto ang komunidad upang makapagtaguyod ng mga paggawa ng desisyon sa lokal para sa Transit-Oriented Communities. • Napagtagumpayan ng proyekto ang mga hadlang sa pakikipag-ugnayan sa publiko na naglilimita sa pakikilahok ng mga pangkat na hindi gaanong kinakatawan sa kasaysayan.
Placemaking, Arts, and Activation	<ul style="list-style-type: none"> • Isinusulong ng proyekto ang mga lokal na artist, kultura, kasaysayan, o pinahahalagahan. • Nilalayon ng proyekto na panatilihin at patibayin ang pagkakakilanlan ng komunidad, sa loob ng area na kasalukuyang kulang sa sining at activation. • Pinagaganda ng proyekto ang karanasan ng mga naglalakad at kaligtasan para sa komunidad.

¹Para makaalam pa tungkol sa mga site ng VTA TOD, bisitahin ang: <https://www.vta.org/programs/toc/transit-oriented-development/projects-portfolio>.

Ang salaysay na ibinigay sa aplikasyon ay magsisilbing batayan para sa saklaw na isasama bilang bahagi ng Grant Agreement para sa mga tatanggap ng grant.

Gagamitin ng Evaluation Panel ang Administrative Elements, Transit-Oriented Community Elements, at Program Narrative para tumulong sa evaluation scoring. Para sa higit pang mga detalye sa proseso ng pagsusuri, tingnan ang IV.B Evaluation Panel.

D. Local Match

Match Statement

Kinakailangan ang match para sa lahat ng aplikante ng Lokal na Ahensya, anuman ang Program Area. Isang 10% na minimum match para sa mga proyektong hanggang \$120,000 at minimum na 15% match para sa mga proyektong humihiling ng higit sa \$120,000.

III. TULONG SA APLIKASYON

Pinasisigla ang lahat ng aplikante na dumalo sa Pre-application Workshop. Sa workshop, susuriin ng kawani ng VTA ang mga alituntunin ng Transit-Oriented Communities Grant, timing, at proseso ng aplikasyon.

Nailathala ang NOFA noong **Abril 1, 2024**. Ang mga In-person Pre-Application Workshop ay naka-iskedyul para sa **Abril 17, 2024** at **Abril 30, 2024**. Ang mga Online Pre-Application Workshop ay naka-iskedyul para sa **Abril 25, 2024**, at **Mayo 1, 2024**. Ang isang recording ng Pre-Application Workshops ay gagawin ding available online at makikita sa YouTube page ng VTA: <https://www.youtube.com/SCVTA>.

Tatanggap ang VTA ng mga nakasulat na tanong tungkol sa Aplikasyon hanggang 4:00 PM PST sa Miyerkules, **Mayo 8, 2024**, at magbibigay ng tugon sa lahat ng aplikante bago ang Lunes, **Mayo 13, 2024**. Maaaring isumite ang mga tanong sa VTA sa TOCGrant@vta.org, o sa pamamagitan ng OpenGov® Portal. Sasagutin ng VTA ang mga tanong tungkol sa mga kinakailangan sa Application at isasapubliko ang lahat ng tanong at sagot para sa lahat ng aplikante. Ang lahat ng Q&A ay ibabahagi sa pamamagitan ng e-mail sa mga aplikante na dumalo sa workshop at ipo-post online sa vta.org/TOCgrant.

Dapat isumite ang mga aplikasyon bago ang **4:00 PM PST sa Miyerkules, Mayo 22, 2024**. Dapat isumite ang mga aplikasyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng OpenGov®. Ire-require sa mga aplikante na gumawa ng isang libreng account sa pamamagitan ng OpenGov® upang magsumite ng mga materyal sa aplikasyon. Makikita rin ang link sa OpenGov® sa VTA Transit-Oriented Communities Grant Program webpage. Magiging available ang isang napupunang PDF application para sa mga aplikante, na dapat isumite sa pamamagitan ng OpenGov® bago ang deadline ng aplikasyon. Ang anumang aplikasyon na natanggap pagkatapos ng deadline ay hindi isasaalang-alang.

Kung talagang hindi posible ang digital submission, tatanggap ang VTA ng mga hard copy ng Application na natanggap sa pamamagitan ng koreo o ibinaba sa VTA Headquarters bago ang deadline ng Application. Ang mga aplikasyon ay dapat i-address sa:

VTA's Transit-Oriented Communities Program
Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street, Bldg. A
San José, CA 95134

IV. REPASO NG APLIKASYON AT PROSESO NG PAGPILI

A. Pagsasala ng Eligibility at Pagiging Kumpleto

Susuriin ng mga kawani ng Transit-Oriented Community Program ng VTA ang lahat ng aplikasyon para sa Eligibility at pagkakumpleto. Ang mga aplikasyon na pumasa sa paunang pagsusuri na ito ay bibigyan ng iiskoran ng Evaluation Panel, na aasa sa aplikasyon at mga kaugnay na materyal na isinumite ng mga aplikante.

B. Evaluation Panel at Pagpili ng Proyekto

Santa Clara Valley Transportation Authority
Mga Mapagkukunan ng Aplikante para sa Transit-Oriented Communities (TOC) Grant 2024 ng VTA

Ang Evaluation Panel na itinalaga ng VTA ay bubuuin ng mga multi-disciplinary na kawani ng VTA at ng isang miyembro ng komunidad. Susuriin ng Evaluation Panel at bibigyan ng iskor ang mga aplikasyon gamit ang mga pamantayan sa pagsusuri na ibinigay sa Attachment C: Pamantayan sa Pagsusuri. Ang pagpili ng Evaluation Panel ay ipo-post sa website ng VTA Transit-Oriented Community Grant Program.

Tutukuyin ng Evaluation Panel ang mga panghuling grantee para sa paunang pagpili na inaasahan sa **Hunyo 10, 2024**. Kasunod ng proseso ng mga pag-apela, pipiliin ng Evaluation Panel ang mga huling grantee.

C. Pabatid ng Napili at Agreement sa Grant

Inaasahang makukumpleto ang abiso ng mga parangal sa **Hunyo 10, 2024**. Ipo-post ito sa website na vta.org/TOCgrant, at ang mga piling aplikante ay aabisuhan din sa pamamagitan ng electronic mail. Makakatanggap ang mga proyektong ng Notice of Intent to Fund, na binabalangkas ang mga kinakailangan ng pagpopondo, pati na rin ang Grant Agreement na tumutukoy sa mga tuntunin ng grant at mga kinakailangan sa pag-uulat. Kakailangang pumirma mga napiling grantee sa isang agreement sa pagpopondo sa VTA bilang kondisyon ng grant na ito.

Ang Narrative, Budget, at Proposed Milestone Schedules na ibinigay sa aplikasyon ay magsisilbing batayan ng Saklaw ng Mga Serbisyo na isasama sa Grant Agreement para sa mga piling grantee. Isang draft na Grant Agreement ang ibinigay sa OpenGov® bago ang deadline ng aplikasyon. Ang mga partikular na komento at alalahanin tungkol sa Grant Agreement ay maaari ding isumite kasama ng aplikasyon.

D. Mga Apela

